INTELLECTUAL PROPERTY
OFFICE OF THE PHILIPPINES

Rising.
Shining.
Beckoning.

IPOPHL RISING Vision 2025

# Intellectual Property Glossary of Terms
## (Glosaryo ng Yamang Isip)



IP Academy
Philippines
Beyond IP Intelligence

Intellectual Property Center
#28 Upper McKinley Road, McKinley Hill Town Center
Fort Bonifacio, Taguig City 1634, Philippines

For inquiries, you may email **ipacademy@ipophil.gov.ph**
or call **+639 7238 6300 loc. 1008/1009**

Copyright Intellectual Property Office of the Philippines (IPOPHL) 2021.

All rights reserved.

INTELLECTUAL PROPERTY OFFICE OF THE PHILIPPINES

Rising.
Shining.
Beckoning.

IPOPHL RISING Vision 2025

# Intellectual Property Glossary of Terms

## (Glosaryo ng Yamang Isip)

IP Academy Philippines
Beyond IP Intelligence

# table of contents


| | |
|---|---|
| **5 - 6** | General Terms / Pangkalahatang Katawagan |
| **7 - 13** | Trademark Terms / Katawagan sa Trademark o Tatak Pangkalakal |
| **14 - 18** | Copyright and Related Rights Terms / Katawagan sa Karapatang-sipi at mga Kaugnay na Karapatan |
| **19 - 22** | Patent, Utility Model, and Industrial Design Terms / Katawagan sa Patent, Modelo ng Utility, at Disenyong Industriyal |

# General Terms/ Pangkalahatang Katawagan



English

## Copyright Infringement

Copyright infringement is the reproduction, distribution, performance, and public display of copyright-protected material without the permission of the copyright holder.

## Paglabag sa Karapatang-sipi

Ang paglabag sa karapatang-sipi ay ang reproduksiyon, distribusyon/pamamahagi, pagganap/pagsasadula, at publikong displey ng materyales na may karapatang-sipi nang walang pahintuot ng may-ari ng karapatang-sipi.

## Counterfeit

Counterfeit goods are goods, including packaging, bearing without authorization a trademark which is identical to the trademark validly registered in respect of such goods, or which cannot be distinguished in its essential aspects from such a trademark.

## Huwad

Ang mga huwad na produkto ay mga produkto, kabilang na ang pagkapakete, na nagtataglay ng isang trademark/tatak pangkalakal, nang walang awtorisasyon, na kapareho ng trademark ng balidong nakarehistro ng gayong produkto, o hindi makikilala sa mga esensiyal na aspekto sa gayong trademark/ tatak pangkalakal.

## Intellectual Property

Intellectual property refers to creations of the mind, such as inventions, literary and artistic works, designs, and symbols, names, and images used in commerce.

## Yamang Isip

Tumutukoy sa mga likha ng isip, gaya ng imbensiyon, likhang pampanitikan at sining, disenyo, at simbolo, pangalan at imahen na ginagamit sa komersiyo/ kalakalan.

## Patent Infringement

Patent infringement occurs when another party makes, uses, or sells a patented item without the permission of the patent holder.

## Paglabag sa Patent

Nagkakaroon ng paglabag sa patent kapag ginawa, ginamit, o ibinenta ng isang partido ang isang bagay na may patent nang walang pahintulot ang may may-ari ng patent.

## Trademark Infringement

Trademark infringement is the unauthorized use of a trademark or service mark on or in connection with goods and/or services in a manner that is likely to cause confusion, deception, or mistake about the source of the goods and/or services.

## Paglabag sa Trademark/ Tatak Pangkalakal

Ang paglabag sa trademark/tatak pangkalakal ay ang hindi awtorisadong paggamit ng isang tatak pangkalakal o marka ng serbisyo sa o may kaugnayan sa mga produkto at/o mga serbisyo sa paraang maaaring lumikha ng kalituhan, panlilinlang, o pagkakamali tungkol sa pinagkunan ng mga produkto at/o serbisyo.

Filipino




# Trademark Terms/ Katawagan sa Trademark o Tatak Pangkalakal

English

## Collective Mark

A sign used in relation to goods or services to indicate that they originate from members of an association or particular group, including the quality, geographical origin or other characteristics of the goods or services.

## Kolektibong Marka

Palatandaang ginagamit kaugnay ng mga produkto o mga serbisyo na nagsasaad na nagmula ang mga iyon sa mga kasapi ng isang asosasyon o partikular/tanging grupo, kabílang na ang kalidad, pinagmulang lugar o iba pang katangian ng mga produkto o serbisyo.

## Color claim

A claim or declaration that a particular color or combination of colors is a material feature of the mark.

## Pag-angkin sa kulay

Pag-angkin o deklarasyon na ang partikular/tanging kulay o kombinasyon ng mga kulay ay tampok na katangian ng marka.

## Confusingly Similar Marks

Marks which are similar in their appearance, sound or meaning but owned by different proprietors and being used or intended to be used on the same or related goods and/or services that will likely confuse the relevant public.

## Nakalilitong Magkakahawig na Marka

Mga markang magkakahawig sa hitsura, tunog, o kahulugan ngunit iba't iba ang nagmamay-ari at ginagamit o nilalayong gamítin sa magkapareho o magkaugnay na mga produkto at/o mga serbisyo na maaaring magdulot ng kalituhan sa publiko.

## Declaration of Actual Use (DAU)

A sworn statement signed by the applicant or registrant or their authorized representative declaring that the mark is actually being used in commerce in the Philippines on goods and/or services covered by the application or registration.

## Deklarasyon ng Aktuwal na Paggamit

Sinumpaang salaysay na nilagdaan ng aplikante o registrant (nagparehistro) o ng kanilang awtorisadong kinatawan na nagpapahayag na ang marka ay ginagamit sa komersiyo sa Pilipinas sa mga produkto at/o serbisyo na sakop ng aplikasyon o rehistrasyon.

## Descriptive Marks

Marks that merely describe the kind, quality, quantity, purpose, value, place of origin, or other characteristics of the goods or services and considered to be too weak to function as a trademark.

## Mga Markang Naglalarawan

Mga marka na naglalarawan lámang ng uri, kalidad, kantidad, layunin, halaga, lugar na pinagmulan o iba pang mga katangian ng mga produkto o mga serbisyo at itinuturing na hindi epektibo upang maging trademark/tatak pangkalakal.

Filipino

English

| | |
|---|---|
| **Disclaimer**<br>A statement that is required from the applicant that he or she does not claim the exclusive right to an unregistrable portion of the mark such as generic and descriptive terms. | **Disclaimer**<br>Pahayag na hinihingi sa aplikante na hindi niya eksklusibong pag-aari ang karapatan sa isang bahagi ng marka na hindi mairerehistro gaya ng mga katawagan/terminong generic o deskriptibo/ naglalarawan |
| **Distinctive Marks**<br>Marks which consist of made-up or coined terms or words with no dictionary meaning; images or designs that have no inherent meaning; or ordinary terms, images or designs that have no relation to the goods or services; or merely suggest or give a hint as to some qualities or characteristics of a product or service they are associated with. | **Mga Natatanging Marka**<br>Mga markang binubuo ng mga likhang katawagan o mga salita na walang kahulugan sa diksiyonaryo; mga imáhen o disenyong walang likás na kahulugan; o karaniwang mga katawagan, imáhen o disenyo na walang kaugnayan sa mga produkto o serbisyo, o nagmumungkahi o nagpapahiwatig lámang ng ilang kalidad o katangian ng isang produkto o serbisyo na kinabibilangan nilá. |
| **eCORR**<br>Refers to the electronic system for sending outgoing office actions. | **eCORR**<br>Tumutukoy sa sistemang elektroniko para sa pagpapadala ng mga papalabas na aksiyon ng tanggapan. |
| **eDOCFile**<br>Refers to the electronic filing system of responses, supplemental documents and subsequent requests other than the filing of a trademark application. | **eDOCFile**<br>Tumutukoy sa sistema ng elektronikong pagpa-file ng mga tugon, mga karagdagang dokumento, at kasunod na mga kahilingan bukod sa pag-file ng aplikasyon para sa trademark/tatak pangkalakal. |
| **eTMFile**<br>refers to the electronic filing system of trademark applications | **eTMFile**<br>Tumutukoy sa sistema ng elektronikong pagpa-file ng aplikasyon para sa trademark/tatak pangkalakal. |
| **Filing date**<br>Refers to the date on which the Intellectual Property Office of the Philippines received the complete and paid-up trademark application. | **Petsa ng pag-file**<br>Tumutukoy sa petsa ng pagtanggap ng Intellectual Property Office of the Philippines ng kompleto at bayád nang aplikasyon para sa trademark/tatak pangkalakal. |

Filipino

# English

## Generic marks
Marks that pertain to the common names of the products or services on which the marks are used or will be used or the groups or classes to which the goods or services belong and cannot be exclusively appropriated by a single entity.

## Mga markang generic
Mga markang nauukol sa mga karaniwang pangalan ng mga produkto o mga serbisyo na pinaggamitan o paggagamitan ng mga marka o mga grupo o mga uring kinabibilangan ng mga produkto o mga serbisyo at hindi maaaring eksklusibong angkinin ng isang entidad.

## Geographical indication
refers to a sign used on products that have a specific geographical origin and possess qualities, reputation or characteristics that are due or attributable to that origin.

## Indikasyong Heograpiko
Tumutukoy sa isang panandang ginagamit sa mga produktong may espesipikong lugar na pinagmulan at nagtataglay ng mga kalidad, reputasyon, o mga katangiang naaangkop sa pinagmulang iyon

## Identical Goods or Services
Goods/services are considered identical if they are of the same kind or nature.

## Magkakaparehong Produkto o Serbisyo
Itinuturing na magkakapareho ang mga produkto/serbisyo kung pareho ang kanilang uri o likás na katangian.

## Madrid Protocol
An international system for obtaining trade mark protection for a number of countries and/or regions using a single application, in one language, and one currency.

## Madrid Protocol
Isang pandaigdigang sistema upang mairehistro ang isang trademark/tatak pangkalakal sa maraming bansa at/o rehiyon na gumagamit ng isang aplikasyon, sa isang wika, at isang currency o salapi.

## Misleading Marks
Marks that are likely to mislead or deceive the public as to the nature, quality, characteristics or place of origin of the goods and/or services.

## Mga Markang Nanlilito
Mga markang malamáng na makapanlilito o makapanlilinlang ng publiko hinggil sa likás na katangian, kalidad, mga katangian, o lugar na pinagmulan ng mga produkto at/o sebisyo.

## Nice Classification
It is the international classification of goods and services established by the Nice Agreement.

## Klasipikasyong Nice
Ang pandaigdigang klasipikasyon ng mga produkto at mga serbisyo na itinakda ng Kasunduan sa Nice.

# Filipino

English

## Notice of Abandonment

A notification to the applicant that his or her application has been abandoned for failure to respond or for filing an incomplete response to an outstanding office action.

## Abiso ng Pag-abandona/Abiso ng Hindi Pag-aksiyon

Abiso sa aplikante na ang kaniyang aplikasyon ay inabandona/hindi inaksiyunan dahil sa pagkabigong tumugon o dahil sa pag-file ng di kompletong tugon sa isang nakabinbing aksiyon ng tanggapan.

## Notice of Allowance

Notification to the applicant that his or her application has passed the criteria for registration and the mark will be published for purposes of possible opposition upon payment of fees.

## Abiso ng Pahintulot

Abiso sa aplikante na ang kaniyang aplikasyon ay nakapasá sa mga batayan para sa rehistrasyon at kapag nakapagbayad na ng mga bayarín ay ilalathala ang marka para sa layuning maláman kung may tututol.

## Notice of Final Abandonment

A notification issued to the applicant when he or she fails to submit a request for the revival of the application within the prescribed period.

## Abiso ng Pinal na Pag-abandona

Abiso na ipinadadala/ipinaaabot sa aplikante kapag hindi siyá nakapagsumite sa loob ng itinakdang panahon ng kahilingang muling aksiyunan ang aplikasyon.

## Notice of Final Refusal

A notification issued when the examiner has determined that the mark has not met the requirements for registration under the IP Code.

## Abiso ng Pinal na Pagtanggi

Abiso na ipinadadala/ipinaaabot kapag natiyak ng examiner na hindi nakatugon ang marka sa mga kahingian para sa rehistrasyon sa ilalim ng IP Code.

## Opposition

An administrative remedy that may be filed within thirty days from publication by any person who believes that he or she may be damaged by the registration of a mark.

## Pagtutol

Isang administratibong lunas/solusyon na maaaring i-file sa loob ng tatlumpong araw mula sa pagkalathala ng sinumang naniniwala na siyá ay mapeperhuwisyo o mapipinsala kapag nairehistro ang marka.

## Registrability Report

The first office action which contains the findings of the examiner regarding non-compliance of the application with the requirements of the IP Code and the Trademark Regulations.

## Ulat kung Maaaring Irehistro

Unang aksiyon ng tanggapan na nagtataglay ng mga natuklasan ng examiner hinggil sa hindi pagtugon ng aplikasyon sa mga kahingian ng IP Code at ng Trademark Regulations.

Filipino

# English

## Registration Date
Refers to the date when the rights to a mark accrue from which the ten-year duration of the registration begins.

## Petsa ng Pagpaparehistro
Tumutukoy sa petsa kung kailan magsisimula ang mga karapatan sa isang marka at kung kailan magsisimula ang sampung-taóng pag-iral ng rehistrasyon.

## Response Period
Refers to the two-month period from the mailing date of the official action within which an applicant may respond thereto.

## Panahon ng Pagsagot
Tumutukoy sa dalawang-buwang panahon, mula sa petsa ng opisyal na aksiyon na maaaring sumagot ang isang aplikante.

## Revival Period
Refers to the three-month period from the date of abandonment of an application within which it may be revived.

## Panahon ng Muling Pag-aksiyon
Tumutukoy sa tatlong-buwang panahon, mula sa petsa ng pag-abandona sa isang aplikasyon, na maaaring muling aksiyunan ito.

## Service Mark
A word, phrase, symbol, and/or design that identifies and distinguishes the source of a service rather than goods.

## Marka ng Serbisyo
Isang salita, parirala, simbolo, at/o disenyo na nagpapakita at nagpapakilala ng pinagkunan ng isang serbisyo sa halip na mga produkto.

## Similar or related goods and/or services
Are goods and/or services that are not identical but have some connection by reason of their characteristics, purpose or factors regarding their use.

## Magkakahawig o magkakaugnay na produkto at/o serbisyo
Mga produkto at/o serbisyo na hindi magkapareho ngunit may pagkakaugnay dahil sa kanilang mga katangian, layunin, o salik hinggil sa kanilang gámit.

## Subsequent Action
An office action which contains the reiteration of the findings stated in the Registrability Report when the examiner raises new issues, clarifications or elaborations arising from the submitted response.

## Kasunod na Aksiyon
Aksiyon ng tanggapan na nagtataglay ng pag-uulit ng mga natuklasang isinaad sa Ulat kung Maaaring Irehistro nang mag-ulat ang examiner ng mga bágong isyu, klaripikasyon, o elaborasyon mula sa mga isinumiteng tugon.

# Filipino

English

## Trademark
Any visible sign capable of distinguishing the goods of one enterprise from that of another, or identifying the source or provider of the goods.

## Trademark / Tatak Pangkalakal
Anumang nakikitang palatandaan na maaaring mapagkilanlan ng mga produkto ng magkaibang negosyo, o mapag-aalaman ng pinagmulan o nagkakaloob ng mga produkto

## Trade Name
The name under which an individual or company does business, also known as business name or identifier.

## Pangalan ng Negosyo
Pangalang ginagamit sa pagnenegosyo ng isang indibidwal o kompanya, kilalá din bílang pangalan ng negosyo o pagkakakilanlan.

## Translation
The process of expressing a word from one language to another.

## Pagsasalin
Proseso ng pagpapahayag ng isang salita mula sa isang wika patungo sa ibang wika.

## Transliteration
The process of representing letters or characters from one language to the corresponding letters or characters of another language or alphabet.

## Transliterasyon
Proseso ng pagrepresenta ng mga letra o simbolo mula sa isang wika patungo sa katumbas na mga letra o simbolo ng ibang wika o alpabeto.

## Well-known Marks
Marks which are widely known to the relevant consumers or public and enjoy a relatively high reputation declared as such by the competent authorities.

## Mga Kilaláng Marka
Mga markang malawakan nang kilalá ng mga mamimili o ng publiko at may reputasyong idineklara ng mga bihasang awtoridad.

Filipino

# Copyright and Related Rights Terms / Katawagan sa Karapatang-sipi at mga Kaugnay na Karapatan



# English

## Author

An author is the natural person who has created the work. Some examples of authors include: writers, composers, carvers, etc.

## Manlilikha

Ang manlilikhaay ang táong lumikha ng gawa.Ilan sa mga halimbawa ng mga manlilikha ay ang sumusunod: manunulat, kompositor, manguukit, atbp.

## Broadcasting

Broadcasting means the transmission by wireless means for the public reception of sounds or of images or of representations thereof. The transmission of encrypted signals by satellite is also broadcasting, where, the means for decrypting are provided to the public by the broadcasting organization, or with its consent.

## Pamamayahag (Broadcasting)

Ito ay tumutukoy sa pagpapadala sa madla ng tunog o larawan, o ng mga anyo nitosa paraang hindi gumagamit ng kable.

Ang pagpapadala ng mga hudyat sa pamamagitan ng satellite ay isa ring paraan ng pamamahayag kung saan ibinibigay o ipinapaubayang namamahayag sa madla ang susi upang maunawaan ang hudyat.

## Collective Management Organization (CMO)

Collective Management Organizationor their heirs, to collectively manage their economic rights in their literary or artistic works.

## Collective Management Organization (CMO)

Ito ay tumutukoy sa isang samahang itinatag o pinahintulutan ng mga may-ari ng karapatang-sipi at kinikilala ng pamahalaan bilang pangkalahatang tagapangasiwa ng mga karapatang ekonomiko ng mga nagtatag nito o ng kanilang mga tagapagmana.

## Collective Work

A collective work is a work which has been created by two (2) or more natural persons at the initiative and under the direction of another with the understanding that it will be disclosed by the latter under his own name and that contributing natural persons will not be identified.

## Kolektibong Gawa

Ito ay tumutukoy sa mga gawa na nilikha ng dalawa (2) o higit pang tao ayon sa simulain at patnubay ng isang pang tao, na may unawaang ang hulí ay tutukuying may akda ng gawa, samantalang ang ibang may ambag ay hindi tutukuyin.

## Communication to the Public

Communication to the public means any communication to public, including broadcasting, rebroadcasting, retransmitting by cable, broadcasting and retransmitting by satellite, and includes the making of a work available to the public by wire or wireless means in such a way that members of the public may access these works from a place and time individually chosen by them.

## Paghahayag sa Madla

Itoo ay tumutukoy sa mga paraan ng paghahayag kung saan ang isang likha ay maaaring makamit o makita ng madla anumang oras at saanmang lugar na kanilang piliin sa pamamagitan ng mga kasangkapang may kable o wala.

Ang mga halimbawa ng paghahayag sa publiko ay ang sumusunod: paghahayag nang walang kable, paguulit ng paghahayag nang walang kable(rebroadcasting), paguulit ng paghahayag nang may kable, at paguulit ng paghahayag sa pamamagitan ng satellite.

# Filipino

# English

## Copyright

Copyright is a legal term which comprises both the economic and moral rights which creators have over their literary and artistic works.

## Karapatang-sipi

Ito ang terminong ginagamit sa batas na tumutukoy sa mga karapatang ekonomiko at moral ng mga manlilikha sa kanilang mga gawang pampanitikan o pansining.

## Copyright Registration

Copyright registration and deposit is the act of depositing a copy of a published work in the Intellectual Property Office of the Philippines.

## Rehistro ng Karatapang-sipi

Ito ay tumutukoy sa pagpapalista ng isa o higit pang gawa o likha, at paglalagak ng kopya nito sa Intellectual Property Office of the Philippines.

## Derivative Work

A derivative work is a work based on or derived from one or more already existing copyrighted works. It includes dramatizations, translations, adaptations, abridgements, arrangements, and other alterations of literary and artistic works as well as collections of literary or artistic works, and compilations of data and other materials.

## Hinangong Likha

Ang hinangong likha ay isang gawa na ibinatay sa o hinango mula sa isa o higit pang gawang may umiiral nang karapatang-sipi. Kabílang sa mga itinuturing na mga hinangong likha ang mga sumusunod:salin, pagsasadula, pag-aangkop, pagpapaikli, pagsasaayos, at iba pang pagbabago ng mga gawang pampanitikan o pansining. Kabilang din sa itinuturing na hinangong likha ang mga tinipon o pinagsama-samangmga gawang pampanitikan at pansining at mga kalipunan ng mga datos at iba pang bagay.

## Economic Rights

Economic rights give the owner of copyright the exclusive rights to authorize or prohibit certain uses of a work.

The economic rights of an author are as follows:

- Reproduction of the work or substantial portion of the work;
- Dramatization, translation, adaptation, abridgment, arrangement or other transformation of the work;
- The first public distribution of the original and each copy of the work by sale or other forms of transfer of ownership;
- Rental of the original or a copy of an audiovisual or cinematographic work, a work embodied in a sound recording, a computer program, a compilation of data and other materials or a musical work in graphic form, irrespective of the ownership of the original or the copy which is the subject of the rental;
- Public display of the original or a copy of the work;
- Public performance of the work; and
- Other communication to the public of the work.

## Mga Karapatang Ekonomiko

ito ay tumutukoy sa mga pansariling karapatan ng may-ari ng karapatang-sipi na payagan o pagbawalan ang ilang gawaing may kinalaman sa likhang siya ang may karapatang-sipi.

Ang mga natatanging pansariling karapatang ekonomiko ng isang nagmamay-ari ng karapatang-sipi ay ang sumusunod:

- pagpaparami sa pamamagitan ng pagkopya ng nilikha;
- paggawa ng mga hinangong likha;
- unang pamamahagi ng nilikha;
- pagpapa-upang nilikha;
- pagtatanghal o pagpapakita ng nilikha sa sa madla;
- pagganap ng nilikha sa harap ng madla;
- iba pang paraan ng paghahayag ng nilikha sa madla.

# Filipino

# English

## Fair Use Doctrine

Fair Use Doctrine is a doctrine in copyright law that permits limited use of copyrighted material without having to first acquire permission from the copyright holder.

## Doktrina ng Patas na Paggamit

Ito ay tumutukoy sa doktrina kung saan pinahihintulutan ang isang taona gamitin ang isang gawa o likha nang hindi na kailangan pang hingin ang pahintulot ng may-aring karapatang-sipi, ayon sa itinakda ng batas.

---

## Joint Authorship Work

A joint authorship work is a work that is produced by the collaboration of two or more authors, and in which the contribution of each author is not distinct from the other.

## Tambalang Likha

Ito ay tumutukoy sa mga likhang ginawamula sa pagtutulunganng dalawa o higit pang manlilikha kung saan hindi tukoy ang ambag ng bawat isa.

---

## Moral Rights

Moral rights are non-economic rights of a creator which protect the creator's connection with a work as well as the integrity of the work. It generally consists of the right to be attributed as the author of the work and the right to object to any alteration thereto that would bring dishonor and disrepute to the author.

## Mga Karapatang Moral

Ito ay tumutukoy samga karapatang di-ekonomikong mga manlilikha na tumitiyaksa ugnayan ng manlilikha sakaniyang mgagawa at saintegridadng gawa. Kabilang dito ang karapatang kilalanin ang manlilikha bilang lumikha ng gawa, at ang karapatang tumutol sa anumang pagbabago sa kaniyang likha na maaaring magbunga ng kahihiyan o pagkasira ng kaniyang pangalan.

---

## Originality

A concept in copyright law which means that the article or work in the literary, scientific, or artistic domain is created by an author or group of authors.

## Pagka-Orihinal

Ito ay tumutukoy sa konsepto ng batas na nagtatakdang hindi dapat sinipi ng manlilikha o mga manlilikha mula sa gawa o likha ng ibang tao ang kaniyang inaangking gawa o likha.

---

## Performers

Performers are actors, singers, musicians, dancers, and other persons who act, sing, declaim, play in, interpret, or otherwise perform literary and artistic work.

## Mga Gumaganap

Ito ay tumutukoy sa mga gumaganap sa mga likhang pampanitikan o pansining tulad ng mga aktor, mang-aawit, musikero, mananayaw, at iba pa.

# Filipino

# English

## Public Performance

Public performance in the case of a work other than an audiovisual work, is the recitation, playing, dancing, acting or otherwise performing the work, either directly or by means of any device or process;in the case of an audiovisual work, the showing of its images in sequence and the making of the sounds accompanying it audible; and, in the case of a sound recording, making the recorded sounds audible at a place or at places where persons outside the normal circle of a family and that family's closest social acquaintances are or can be present,irrespective of whether they are or can be present at the same place and at the same time, or at different places and/or at different times, and where the performance can be perceived without the need for communication within the meaning of Communication to the Public.

## Pampublikong Pagganap

Maituturing na pampubliko ang isang pagganap ayon sa uri ng gawa o likha:

- Kung ang likha ay hindi isang gawang audiovisual, ang pagbibigkas, pagsasadula, pagtutugtog, pagsasayaw, pag-aarte,at iba pang paraan ng pagganap ng isang likha nang harap-harapan o sa pamamagitan ng anumang kasangkapan o proseso;
- Kung ang gawa o likha ay isang gawang audiovisual, ang sunud-sunod na pagpapalabas ng mga larawansa saliw ng tugtog nito; at

Kung ang gawa o likha ay isang itinalang tunog, ang pagpapatugtog ng nakatalang tunog sa lugar o sa mga lugar kung saan mayroong mga táong hindi karaniwang kasapi ng isang pamilya at ng malalapit na kakilala ng nasabing pamilya. Ito ay itinuturing na pampublikong pagganap kahit naang mga nasabing tao ay naroon o maaaring naroon sa parehong lugar at panahon, o nása magkakaibang lugar at/o panahon. Ito ay itinuturing pa ring pampublikong pagganap kahit na ang kamalayan ng mga nasabing tao sa pagganap ay hindi sa mga paraang katulad ng paghahayag sa madla.

## Published Works

Published works means works, which, with the consent of the authors, are made available to the public by wire or wireless means in such a way that members of the public may access these works from a place and time individually chosen by them.

## Mga Gawang Nailathala

ito ay tumutukoy sa mga gawa na dati nang nailathala o naihayag sa madla sa pamamagitan ng mga kasangkapang may kableman o wala, ng may pahintulot ng isa o maraming manlilikha at kung saan ang nasabing gawa ay maaaring makamit o makita ng madla anumang oras at saan mang lugar na kanilang piliin.

## Reproduction

Reproduction is the making of one (1) or more copies, temporary or permanent, in whole or in part, of a work or a sound recording in any manner or form.

## Pagpaparami sa pamamagitan ng pagkopya

Ito ay tumutukoy sa paggawa ng isa o higit pang mga sipi, pansamantala man o pangmalagian, nang buo o bahagi lámang, ng isang gawao ng tunog na itinala sa anumang paraan o anyo.

# Filipino

# Patent, Utility Model & Industrial Design Terms / Katawagan sa Patent, Modelo ng Utility at Disenyong Industriyal



# English

### Annuity Fee

Annuity fee is a fee to be paid to maintain a patent or a patent application in force. Also known as renewal or maintenance fee.

### Annuity Fee (Taunang Bayarin)

Ang annuity fee ay taunang bayarin o obligasyon na kailangang mabayaran upang mapanatili ang patent o naihain (nakabinbin/pending) na aplikasyon para sa patent.

### First to File

A legal concept in which the right to a patent for an invention is determined by the first person to file for a patent to protect that invention.

### Unang Nagharap (Naghain/file) ng Aplikasyon

Isang konseptong legal na ang karapatan sa patent para sa isang imbensiyon, modelo ng utility, o disenyong industriyal ay tinitiyak ng unang (naghain) nagharap ng aplikasyon para sa isang patent upang mapangalagaan ang imbensiyon.

### Industrial Applicability

Industrial applicability or industrial application is a patentability requirement which means a patent can only be granted for an invention which is capable of industrial application (i.e. for an invention which can be made or used in some kind of industry).

### Industriyal na Gámit

Ang industriyal na gámit o aplikasyong industriyal ay isang kahingian para magkaroon ng patent na nangangahulugang ang isang patent ay maipagkakaloob lámang sa isang imbensiyong kapaki-pakinabang o makabuluhan na magagamit sa kalakalan (hal. upang ang isang imbensiyon ay magawa o maaaring magamit sa ilang uri ng industriya).

### Industrial Design

Industrial design focuses on the physical appearance, functionality and manufacturability of a product. An industrial design application is an application for a patent to protect against the unauthorized use of new, original, and ornamental designs for items of manufacture.

### Disenyong Industriyal

Ang disenyong industriyal ay nakapokus (nakatuon sa panglabas na anyo ng isang bagay na nagbibigay ng kumbinasyon ng kulay, hugis o anyo na magsisilbing padron para makalikha ng isang produkto ) sa estétiko o pisikal na anyo na magagamit bilang hulwaran/ patern para sa paggawa ng isang produkto.

### Inventive Step

Inventive step is one of the patentability requirements which means an invention should be sufficiently non-obvious in order to be patented.

### Mapanlikhang Hakbang

Ang mapanlikhang hakbang ay isa sa mga kahingian (ay isa sa kailangan na katangian upang maipagkaloob ang patent katulad ng ambag na teknikal ng imbensiyon na hindi bahagi ng nakasanayan o nakikita sa larangan ng paglikha) para sa patent na nangangahulugan na ang isang teknikal na kontribusyon ng isang imbensiyon ay hindi dapat na lumitaw na kasanayan sa isang tiyak na larang.

Filipino

# English

## Novelty

Novelty is one of the patentability requirements which means an invention is not patentable if it was already known or no single piece of prior art discloses every element of the claimed invention before the date of filing.

## Novelty

Ang novelty ay isa sa mga kahingian para magkaroon ng patent na nangangahulugang ang isang imbensiyon ay maaaring magkaroon ng patent kung ito ay bago o naiiba sa mga umiiral na, batid na, at naisapubliko sa panahon ng paghaharap (paghahain) ng aplikasyon.

## Office Action

An office action is an official written communication from a patent examiner Intellectual Property Office of the Philippines giving its position on a pending patent application.

## Aksiyon ng Tanggapan

Ito ay isang nakasulat na opisyal na komunikasyon mula sa isang examiner (tagasuri) ng patent ng IPOPHIL na nagtataglay ng mga puna, natuklasan, obserbasyon, mungkahi, paalala o obserbasyon sa isang nakabinbing aplikasyon para sa patent.

## Industrial Applicability

Industrial applicability or industrial application is a patentability requirement which means a patent can only be granted for an invention which is capable of industrial application (i.e. for an invention which can be made or used in some kind of industry).

## Industriyal na Gámit

Ang industriyal na gámit o aplikasyong industriyal ay isang kahingian para magkaroon ng patent na nangangahulugang ang isang patent ay maipagkakaloob lámang sa isang imbensiyong kapaki-pakinabang o makabuluhan na magagamit sa kalakalan (hal. upang ang isang imbensiyon ay magawa o maaaring magamit sa ilang uri ng industriya).

## Patent

A patent is an exclusive right that allows the inventor to exclude others from making, using, importing, or selling the product of his invention during the life of the patent.

## Patent

Ito ay ang eksklusibong karapatang ipinagkakaloob ng pamahalaan sa isang imbentor upan mahadlangan ang iba na gumawa, gumamit, or magkaloob or magbenta ng isang imbensiyon sa loob ng limitadong panahon.

## Patent Claim

A patent claim defines the scope of protection given to the owner of the patent (i.e., the right to prevent others from making, using, selling, offering for sale, or importing the claimed invention). Each claim is treated separately for purposes of determining patent validity and infringement.

## Pang-ankin sa Patent

Itinatakda ng pag-angkin sa patent ang saklaw ng proteksiyong ipinagkakaloob sa may-ari ng patent (hal. ang karapatang mahadlangan ang iba sa paggawa, paggamit,pagbebenta, o pag-angkat ng inaangking imbensiyon). Bawat pag-angkin ay itinuturing na hiwalay para sa mga layuning matiyak ang bisàng patent at paglabag.

# Filipino

# English

## Patent Filing Date

The patent filing date or priority date is the date on which that patent application is legally accepted at the patent office. That date is typically the date on which the documents are deposited at the office but may be later if there are defects in the documents deposited.

## Petsa ng Paghaharap (Paghahain/ pagtanggap) ng Aplikasyon para sa Patent

Ang petsa ng paghaharap ng aplikasyon para sa patento priyoridad na petsa ay ang petsa kung kailan legal na tinanggap sa tanggapan ng patent. Ang petsang iyon sa pangkalahatan ay ang petsa na tinanggap sa tanggapan ang mga dokumento ngunit maaaring mas huli kung ang aplikasyon ay hindi kompleto o may depekto.

## Patentable Invention

Patentable invention is any technical solution of a problem in any field of human activity which is new, involves an inventive step and is industrially applicable shall be patentable. It may be, or may relate to, a product, or process, or an improvement of any of the foregoing.

## Imbensiyong Maaaring Magkapatent (Mapagkalooban ng patent)

Ang imbensiyong maaaring magkapatent ay anumang teknikal na solusyon sa isang problema sa alin mang larangan ng aktibidad ng tao na bago, kinabibilangan ng mapanlikhang hakbang, at magagamit sa industriya. Maaaring may kaugnayan ito sa isang produkto, o proseso, o isang pagpapahusay pa ng alinman sa binanggit.

## Patentee

A patentee is the inventor to whom the patent is granted and all persons to whom the patent is subsequently assigned. Also called “patent holder”, “patent proprietor”, or “patent right holder”.

## Patentee

Ang patentee ay ang imbentor na pinagkalooban ng patent at ang lahat ng taong sunod na binigyan nito. Tinatawag ding “may hawak ng patent”, “propiyetaryo ng patent”, o “may karapatan sa patent.”

## Prior Art

Prior art is the existing body of information against which an invention is judged to determine if it is patentable as being novel and unobvious. These are public materials available prior to the filing date of a patent application which may prevent the grant of a patent.

## Naunang Impormasyon

Ang naunang impormasyon ay ang umiiral na kalipunan ng impormasyon na pinagbatayan upang matiyak kung mapagkakalooban ito ng patent dahil sa pagiging bago o mapanlikha. Ang mga ito ay publikong materyales (kaalaman) na (laganap) available na bago ang petsa ng paghaharap ng aplikasyon para sa patent na maaaring makahadlang sa pagkakaloob ng patent.

## Utility Model

A utility model is any technical solution to a problem in any field of human activity which is new and industrially applicable. It may or may not have an inventive step.

## Modelo ng Utility

Alinmang solusyong teknikal sa isang problema sa alinmang larangan ng gawain ng tao na bago at magagamit sa industriya. Ito ay maaaring mayroon o walang mapanlikhang hakbang. Tinutukoy din bilang “petty patent” sa ilang hurisdiksiyon

# Filipino

INTELLECTUAL PROPERTY
OFFICE OF THE PHILIPPINES

Rising.
Shining.
Beckoning.

IP Academy
Philippines
Beyond IP Intelligence

IPOPHL | www.ipophil.gov.ph